ORANGE COUNTY
POWER AUTHORITY
THE POWER OF COMMUNITY

# MALIGAYANG PAGDATING SA ISANG BAGONG PARAAN NG PAGGAMIT NG KURYENTE MO

## MINAMAHAL NA KAPITBAHAY,

Ang Orange County Power Authority (OCPA) ang iyong lokal na provider ng kuryente, na nag-aalok ng renewable energy na malinis, maaasahan at may kumpetitibong presyo. Bilang isang lokal na pinamamahalaan at pampublikong ahensya na nakabase sa komunidad, inuuna namin ang aming mga komunidad, at tinutulungan kang gumawa ng isang malaking hakbang patungo sa isang kinabukasan ng mas sustainable na enerhiya. Nang simulan mong kumuha ng serbisyo sa kuryente, ang OCPA ang naging iyong bagong service provider sa pag-generate ng kuryente.

### MAAARI MONG PILIIN ANG IYONG PLANO SA RATE NG ENERHIYA AT ANG IYONG KONTRIBUSYON SA PAGBABAGO NG KLIMA

Ang kuryente ang isa sa mga nangungunang pinagmumulan ng mga emisyon ng greenhouse gas. Kapag mas malinis ang pinagmumulan ng kuryente, mas nakakapagbigay ka rin ng mabuting epekto sa kapaligiran. Nag-aalok kami ng tatlong tier ng mga mapagpipilian sa malinis na enerhiya.

Pinili ng iyong lungsod ang 72% Smart Choice bilang mas gustong opsyon sa enerhiya para sa lahat ng sambahayan sa iyong lungsod at makikita mo ang pagpili na ito sa iyong bill ng kuryente. Bilang isang customer ng 72% renewable energy, bumubuo ka ng mas malinis na kinabukasan. Gayunpaman, mayroon kang mga opsyon:

#### BASIC CHOICE

Maaari mong piliin ang aming **44% Basic Choice renewable energy plan,** na mas mura kumpara sa mga rate ng Southern California Edison (SCE).

#### SMART CHOICE

Maaari mong piliin ang gitnang tier na **72% Smart Choice renewable energy plan,** na mas mahal nang bahagya sa 44% Basic Choice plan at mga rate ng SCE.

#### 100% RENEWABLE

Maaari mong piliin ang **100% Renewable energy, na medyo mas mahal kaysa sa 72% Smart Choice plan**, para matulungan ang OCPA na makapaglagay ng mas maraming renewable energy sa electrical grid para makagawa ng mas malusog at mas matatag na Orange County.

#### MAG-OPT OUT

Maaari kang bumalik sa SCE, na nagbibigay ng 33.2%* renewable energy sa **mas mataas na presyo kaysa sa Basic Choice plan ng OCPA.** Ikaw ang magpapasya.

*Ayon sa pinakakamakailang Power Content Label ng SCE

Para sa mga customer ng **Net Energy Metering (solar)**, ang rate ng Net Surplus Compensation ng OCPA para sa labis na na-generate na kuryente ay 10% mas mataas kumpara sa umiiral na rate ng SCE. Bisitahin ang ocpower.org/NEM para matuto pa tungkol sa programa.

### PAANO NAGTUTULUNGAN ANG OCPA AT SCE

Bagama't OCPA ang iyong energy provider, ang iyong bill ay manggagaling pa rin sa Southern California Edison (SCE) at ang enerhiya na dumadaloy sa iyong bahay ay inihahatid sa pamamagitan ng electrical grid na tinutulungang pangalagaan ng SCE. Kung kaya, kung mawawalan ka ng kuryente, SCE ang tatawagan mo. Sa pamamagitan ng pagkuha sa OCPA bilang iyong energy provider, sinasamahan mo ang libo-libong iba pang residente at negosyo ng Orange County na tumutulong sa pagdadala ng mas maraming renewable energy sa grid para mabawasan ang ating pagdepende sa mga fossil fuel. Pareho lang ang access ng mga customer ng OCPA sa access ng mga customer ng SCE sa mga programa ng tulong sa rate. Nalalapat din sa mga customer ng OCPA ang tulong sa rate na ibinibigay sa pamamagitan ng mga programang CARE, FERA, AMP, HEAP, o Medical Baseline.



**Source**
Bumibili ang OCPA ng kuryente sa mga tradisyonal at renewable na resource.

**Paghahatid**
Inihahatid ng SCE ang kuryente at minamantena ang electrical grid.

**Customer**
Pinipili ng customer kung gaano karaming renewable energy ang gusto nilang bilhin ng OCPA sa ngalan nila para ilagay sa electrical grid para makatulong sa pagbabago ng klima.

Ipinagpatuloy sa likod ▶

## MAHIGIT 20 TAON NANG NAKIKINABANG ANG MGA TAGA-CALIFORNIA SA COMMUNITY ENERGY

Ang community energy ay bago sa Orange County, pero hindi ito bago sa California. Ang Assembly Bill 117 ay isinabatas noong 2002 upang itatag ang Community Choice Aggregation (CCA), na kilala rin bilang community energy, na nagpapahintulot sa mga komunidad na magsama-sama upang bigyan ang mga taga-California ng pagkakataong pumili ng electric provider nila at ng source ng kanilang kuryente. Ang mga CCA ay nagtatagumpay sa iba't ibang bahagi ng estado, at may 25 programa na itong nagbibigay ng maaasahan, abot-kaya, at malinis na enerhiya sa mga lokal na customer at naghahatid ng mga makabagong programa sa reinvestment na tumutugon sa mga lokal na pangangailangan at Climate Action Goals ng estado.

**200+**
Mga Bayan, Lungsod, County na may mga Community Energy Provider

**14M+**
Mga Customer na Pinaglilingkuran ng mga Community Energy Provider sa California

**11K+**
Mga Kasunduan sa Pagbili ng Megawatts ng Bagong Clean Energy Power na nilagdaan ng mga CCA

## ANG OCPA AY ISANG LOKAL NA PAMPUBLIKONG AHENSYA

Ang mga CCA ay mga lokal at non-profit na pampublikong ahensya na pinamumunuan ng mga tao sa iyong komunidad. At hindi tulad ng mga utility na pag-aari ng mamumuhunan, ipinamumuhunan ng OCPA ang kita nito pabalik sa komunidad sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay tulad ng pag-aalok ng mga rebate para sa energy efficiency, mga programang pang-edukasyon at mga gawad para gumawa ang mga negosyo ng mas maraming energy-efficient na pasilidad.

## MAKIPAG-UGNAYAN SA OCPA PARA MATUTO PA

Alam namin na baka may mga tanong ka, kaya mangyaring bisitahin ang aming website sa ocpower.org para matuto pa o tawagan kami sa 866-262-7693. Gusto naming tiyaking mayroon kang tumpak na impormasyon habang nagpapasya ka tungkol sa iyong energy provider.

Isang pribilehiyo ang magbigay sa iyo ng renewable energy sa magandang rate!

Taos-puso,

**Orange County Power Authority**

Para matuto pa at magbasa sa 中文, 한국어, español, Tiếng Việt, فارسی, Tagalog, 日本語, bisitahin ang **ocpower.org/notices** o tumawag sa **1-866-2-OCPOWER** (1-866-262-7693).

### Mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo

**Mag-Opt Out** Awtomatiko kang mae-enroll sa OCPA. Kung gusto mong manatili bilang customer ng SCE, dapat kang mag-opt out. Maaari mong hilinging mag-opt out sa OCPA anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-2-OCPOWER (1-866-262-7693) o pagbisita sa ocpower.org. Ihanda ang impormasyon ng iyong account sa SCE para maproseso ang kahilingan mo. Walang bayad ang pag-opt out sa OCPA. Pakitandaang kung mag-o-opt out ka at babalik ka sa SCE, hindi ka magkakaroon ng opsyong bumalik sa OCPA nang isang buong taon at mapapailalim ka sa mga kasalukuyang rate, tuntunin, at kundisyon ng serbisyo ng SCE. Para sa impormasyon tungkol sa mga tuntunin at kundisyon ng SCE, bumisita sa sce.com. Ililipat ang mga account sa araw ng pagbabasa sa metro ng kuryente at hindi puwedeng ilipat ang mga ito sa kalagitnaan ng cycle ng pagsingil. Ang mga kahilingan sa pag-opt out na matatanggap hindi bababa sa 5 araw bago ang petsa ng pagbabasa sa metro ng isang customer ay ipoproseso para sa petsa ng pagbabasa sa metrong iyon; ang lahat ng iba pang kahilingan sa pag-opt out ay ipoproseso sa susunod na petsa ng pagbabasa sa metro. Ang mga customer na mag-o-opt out o hindi na makakatanggap ng serbisyo mula sa OCPA ay sisingilin para sa lahat ng kuryente ng OCPA na nagamit bago matapos ang serbisyo sa kuryente ng OCPA.

**Mga Rate** Itinakda ang mga rate ng pag-generate ng kuryente ng Orange County Power Authority para magbigay ng mas malinis na kuryente sa magagandang rate. Puwedeng magbago ang mga rate ng OCPA. Ang mga pagbabago sa mga rate ay ipapatupad ng Lupon ng Mga Tagapangasiwa ng OCPA sa mga pampublikong meeting na may abiso. Makakaapekto ang mga pagbabago sa rate ng OCPA o Southern California Edison sa paghahambing ng gastusin sa pagitan ng OCPA at SCE. Sisingilin ng SCE ang mga customer ng OCPA ng buwanang Adjustment sa Kaibahan ng Singil sa Kuryente (Power Charge Indifference Adjustment) at Surcharge sa Singil sa Franchise (Franchise Fee Surcharge). Isinaalang-alang ng OCPA ang mga karagdagang singil na ito sa pagkalkula ng mga rate. Tandaang kasing ganda ng mga rate ng SCE ang mga rate ng OCPA, kahit pa mayroon ito ng mga ganitong singil. Malalaman ang mga available na rate sa ocpower.org o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-2-OCPOWER (1-866-262-7693).

**Pagsingil**Makakatanggap ka ng isang buwanang bill mula sa SCE na may mga singil sa pag-generate ng kuryente ng OCPA. Mangongolekta ang SCE ng mga awtorisadong singil mula sa mga customer ng OCPA para sa paghahatid ng kuryente sa iyong tahanan o negosyo o para sa pagbibigay ng iba pang serbisyo. Walang magbabago sa mga component na ito ng iyong bill ng kuryente, sa OCPA o SCE ka man bumili ng kuryente. Pinapalitan ng singil sa pag-generate ng kuryente ng OCPA ang singil sa pag-generate ng kuryente ng SCE. Ang singil ng OCPA ay hindi duplicate na singil o karagdagang bayarin. Patuloy kang sisingilin ng SCE para sa mga serbisyo sa paghahatid ng kuryente. Kung mag-o-opt out ka sa OCPA, sisingilin ka ng SCE para sa pag-generate ng kuryente.

**Pag-enroll** Ang OCPA ang default na provider ng kuryente sa mga hurisdiksyon ng miyembrong ahensya. Sa pamamagitan nito, kinikilala mo at sumasang-ayon ka na kung mag-o-opt out ka sa OCPA at babalik ka sa serbisyo sa pag-generate ng kuryente ng SCE anumang oras pagkatapos mong mag-enroll, mapapailalim ang iyong (mga) account sa kuryente sa mga transitional na rate ng SCE batay sa mga presyo sa market ng enerhiya at iba pang tuntunin at kundisyon ng serbisyo. Maraming account sa pinagseserbisyuhang lugar ng OCPA ang awtomatikong ie-enroll sa 100% Renewable Choice na serbisyo sa enerhiya ng OCPA, maliban na lang kung pipiliin ng may-ari ng account na mag-opt out o mag-sign up para sa Basic Choice o Smart Choice. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga miyembrong ahensya at iniaalok na serbisyo, maaari kang tumawag sa 1-866-2-OCPOWER (1-866-262-7693) o bumisita sa ocpower.org.

**Mga May Diskwentong Programa** Kung kasalukuyan kang naka-enroll sa programang California Alternative Rates for Energy (CARE), programang Family Electric Rate Assistance (FERA), Medical Baseline, o Level Pay, patuloy mong matatanggap ang lahat ng benepisyo at diskwento bilang customer ng OCPA.

**Hindi Pagbabayad** Posibleng ilipat ng OCPA ang iyong account sa SCE sa loob ng 60 araw ng kalendaryo nang may nakasulat na abiso kung hindi mo mababayaran ang iyong bill. Kung ibabalik ang iyong serbisyo sa SCE, kakailanganin mo pa ring bayaran ang anumang hindi pa nababayarang singil sa panahong iyon.

**Patakaran sa Privacy ng Customer** Malalaman ang patakaran sa ocpower.org o sa pamamagitan ng 1-866-2-OCPOWER (1-866-262-7693).